# Karbaw

OPISYAL NA MAGASIN NG PHILIPPINE CARABAO CENTER

ISSN 2507-8933

TOMO 1, BILANG 3
Pangatlong Isyu 2016



## ISKOLAR
## ng gatasang kalabaw

OPISYAL NA MAGASIN NG PHILIPPINE CARABAO CENTER

# Karbaw

TOMO 1, BILANG 3
Pangatlong Isyu 2016

PATNUGUTAN

**Patnugot** ERIC P. PALACPAC, ROWENA G. BUMANLAG
**Tagapamahalang Patnugot** MA. CECILIA C. IRANG
**Layout** KHRIZIE EVERT M. PADRE
**Infographics** JAN CZARINA M. SALAS
**Pabalat** ROWENA G. BUMANLAG
**Manunulat** MA. CECILIA C. IRANG, KHRIZIE EVERT M. PADRE, CHRISSALYN L. MARCELO, PAUL JOHN P. VILLAMOR
**Kasangguni** ANSELMO S. ROQUE
**Tagapayo** ARNEL N. DEL BARRIO

## MGA NILALAMAN

*Istorya ng isang pamilya sa Bulacan*
Pag-asang makatapos ng pag-aaral, umasenso sa buhay abot kamay sa negosyong paggagatasan — 4

Gatasang kalabaw, susi sa pag-abot ng mga pangarap ng isang dating maliit na magbubukid — 9

Isang mala-himalang pag-angat sa buhay — 12

Diploma ng mga anak, Inayudahan ng paggagatas at ng koop — 15

*Ayon sa isang magsasakang-maggagatas*
'Sa gatasang kalabaw, walang imposible — 18

Naabot na mga pangarap dahil sa gatasang kalabaw — 22

*Sa Iloilo*
Pamilyang pinagbuklod dahil sa pag-aalaga ng gatasang kalabaw — 26

*Isang dakilang pagtutustos*
Itinataguyod ng isang koop sa Pulong Buli — 29

nagsipag. nagnegosyo. nagtagumpay
#NATIONALCARABAOCONFERENCE2016 — 31

Ang Karbaw ay isang magasin na inilalathala ng Knowledge Management Division ng Philippine Carabao Center (PCC), isang ahensiya sa ilalim ng Kagawaran ng Agrikultura, apat na beses sa isang taon. Layon ng Karbaw magasin na iparating sa mga mambabasa nito ang iba't ibang kwento ukol sa mga tao, pangyayari, at iba pa na may kinalaman sa umiigting at lumalagong industriya na salig sa pag-aalaga ng kalabaw.

Ang reproduksiyon ng alin mang artikulo mula sa pahayagang ito ay hinihimok nang may wastong pagkilala sa may akda o sa Karbaw magasin. Gayundin, tinatanggap ng patnugutan ang anumang komento at suhestiyon tungkol sa mga nailimbag na artikulo. Ipadala ang inyong mga kuru-kuro sa ilivestockbiotech@gmail.com.

**NATIONAL HEADQUARTERS AND GENE POOL** Science City of Muñoz, Nueva Ecija, Philippines 3120 • Fax: +63 44 456-0730 • Tel. No: +63 44 456-0731 to 34 • URL: http://www.pcc.gov.ph • E-mail: pcc-oed@mozcom.com **MANILA LIAISON OFFICE** 5th Floor DCIEC Building, NIA Complex, EDSA, Quezon City, Philippines • Fax: +63 02 926-7707 • +63 02 921-3863 • E-mail: pcc-mlo@mozcom.com **REGIONAL CENTERS: PCC at MMSU** 09279655724, pccmmsu@gmail.com • **PCC at CSU** 09167528507, pccpiat07@yahoo.com • **PCC at DMMMSU** 09283556029, pccdmmmsu95@yahoo.com • **PCC at CLSU** +63 44 456-5238, pccclsu@yahoo.com • **PCC at UPLB** +63 49 536-2729, pccuplb@gmail.com • **PCC at VSU** +63 53 335-2648, pccvsu@gmail.com • **PCC at WVSU** +63 33 320-2445, pccwvsu@yahoo.com • **PCC at LCSF** +63 34 735-0121, pcclcsf@yahoo.com • **PCC at USF** +63 38 518-5598, pccusf.ubay@yahoo.com • **PCC at MLPC** 09189194473,pcc-mlpc09@yahoo.com • **PCC at CMU** 09391339815, pccmusuan@yahoo.com • **PCC at USM** 09193970872, usm_pcc@yahoo.com

> "Hindi dapat maghirap ang Pilipino. Basta't masikap, matipid, at may mahusay na pangangasiwa, ang lahat ay may pag-asang umunlad"
>
> - BERNARDINO DELA CRUZ

> "Naging posible ang imposible sa aking buhay dahil sa aking mga gatasang kalabaw. May napagtapos akong anak sa kolehiyo at masasabi ko na ring hindi na kami lugmok sa kahirapan."
>
> - FLORENCIO MADULID

# Mensahe mula sa **Patnugot**

Nakalulungkot isipin na laganap pa rin sa ating lipunan ang mga kabataang hindi nakatuntong o nakapagtapos ng pag-aaral sa kolehiyo o unibersidad. Nakababahala rin ito dahil sa marami nitong negatibong implikasyon sa pamumuhay ng isang pamilya, sa komunidad, at sa ekonomiya ng bansa. Sa kalakaran ng pagpasok sa isang propesyon o hanap-buhay sa alinmang panig ng mundo, karaniwang mas lamang o angat ang isang tao na nakatapos ng kolehiyo (maliban na lang sa mga pambihirang personalidad at pagkakatao).

Sa pag-aaral na ginawa ng Philippine Statistics Authority noong 2013 na tinawag na Functional Literacy, Education, and Mass Media Survey (FLEMMS), lumalabas na sa 36 milyong katao na kabilang sa *survey*, 1.7%-4.9% ang proporsyon ng *out-of-school-children* o OSC (maliban sa Autonomous Region for Muslim Mindanao na may 10.9%) habang 14.5%-20.4% naman ang proporsyon ng *out-of-school-youth* o OSY (maliban sa Cordillera Autonomous Region na nagtala ng 11.5%) sa lahat ng rehiyon sa bansa.

Ang OSC ay mga kabataang may edad na 6-14 taong gulang na hindi pumapasok sa paaralan habang ang OSY ay yaong mga kabataang may edad na 15-24 taong gulang na hindi pumapasok sa paaralan, hindi nakatapos ng kolehiyo o ng anumang kurso matapos ang high school, at hindi nagtatrabaho.

Sa nasabi ring survey sa halos 4 milyong kabataang OSC at OSY, ang tatlong pangunahing dahilan ng hindi pag-aaral ng pormal na edukasyon ay ang mga sumusunod: maagang pag-aasawa (23%), hindi sapat na kita ng pamilya upang pag-aralin ang anak sa eskwelahan (19%), at kawalan ng interes sa pag-aaral (19%).

Bagama't may mga maiinam na programa ang pamahalaan para masolusyonan ang ganitong problema sa edukasyon, malinaw na hindi ito sapat. Kinakailangan pa rin ang aktibong partisipasyon ng isang pamilya at mga samahan sa komunidad. Mahalaga ang papel na ginagampanan nila sa isyung nabanggit.

Sa mga sumusunod na pahina, minarapat namin na ilahad at ibahagi ang kasaysayan ng ilang kataong nagtagumpay sa pagtataguyod at pagtustos ng mga anak o kaanak sa pag-aaral hanggang mapagtapos ang mga ito sa kolehiyo. Ang kanilang mga naging sandigan? Walang iba kundi ang taimtim na pananalig sa Diyos, wastong paggabay sa mga anak na pinag-aaral, at pagsisikap sa pag-aalaga ng gatasang kalabaw na siya namang naging instrumento upang tugunan ang kanilang pangangailangan.

Hangad naming magsilbing inspirasyon at motibasyon ang mga istoryang ito sa mga magulang at kabataan lalo na yaong sa kasalukuyan ay may kinakaharap na pagsubok o suliranin sa pagtustos sa edukasyon at sa pang-araw-araw na gastusin sa buhay.

Maligayang pagbabasa po sa inyo.

ERIC P. PALACPAC

*Istorya ng isang pamilya sa Bulacan*

# Pag-asang MAKATAPOS NG PAG-AARAL, UMASENSO SA BUHAY abot-kamay sa negosyong paggagatasan

NI MA. CECILIA IRANG

KUHA NI ROWENA BUMANLAG



**Walang hanggan ang lalong mataas na pangarap sa buhay para kay Bernadette Dela Cruz, 24, ng Diliman 1, San Rafael, Bulacan. Nadarama niya, tulad ng ipinahihiwatig ng kanyang pangalang hango sa pangalan ng hayop na may angking tapang at kakayahan, na hindi siya mabibigo.**

Ang pangalang Bernadette, ayon sa *website* ng *Baby Names Pedia*, ay mula pa sa ninuno ng mga Aleman. Ito ay hango sa mga salitang "ber" at "hart" na ang ibig sabihin ay "brave as a bear" o may taglay na katapangang katulad ng isang oso.

Nagtapos ng kursong *Bachelor of Science in Food Technology*, siya ay *laboratory analyst* sa isang kumpanyang gumagawa ng mga pampalasa sa pagkain. Sumusuweldo siya ng mahigit Php12,000 sa isang buwan.

Pangarap niya ngayon, dahil na rin sa natamong paglawak ng kanyang pang-unawa sa daigdig ng pagnenegosyo, na pagkatapos ng kontrata niya sa kumpanyang pinapasukan ay magtayo na ng sariling negosyo.

Ang naiisip niyang pasuking negosyo?

Ito'y walang iba kundi ang pag-aalaga ng gatasang kalabaw at mga negosyong nakasalig sa kalabaw lalo na ang pangunahin nitong produkto na gatas.

"Balak ko na magtayo ng negosyo na may kaugnayan sa paggagatas at nais ko itong mapalago. Dahil *graduate* naman ako ng *food technology*, balak ko na magdebelop ng mga produkto mula sa gatas ng kalabaw. Dito sa negosyong ito kami nagsimula at umasenso, kaya naman naniniwala akong mapagtatagumpayan ko rin ito,"pahayag ni Bernadette.

Hindi lang siya ang nakatapos ng pag-aaral dahil sa alagang kalabaw ng kanilang pamilya. Ang kanyang kapatid na si Jherico Dela Cruz, 20, ay nakapagtapos ng kursong *Bachelor of Animal Science* sa Bulacan Agricultural State College at ngayo'y nag-aapplay na papuntang Amerika.

### Kahirapan sa buhay

Batay na rin sa pagsasalaysay ni Bernadette, noong wala pa silang mga inaalagaang gatasang kalabaw, palibhasa'y mga tapos lang ng elementarya ang kanyang ama na si Bernardino, 50, at inang Evangeline, 49, hirap na hirap na iusad ang kanilang buhay at maging ang kanilang pag-aaral.

Nang siya ay nasa elementarya, dahil sa ang tanging pinagkakakitaan ng kanyang ama ay pamamasada ng *tricycle*, Php10 lang ang nagiging baon niya sa pagpasok araw-araw.

"Kadalasan nga, naiinggit ako sa iba kong kaklase kasi marami silang pera samantalang kami ay kaunti lang. Hindi ko tuloy mabili 'yong gusto kong bilhin," paglalahad ni Bernadette na kinapansinan ng panggigilid ng luha dahil sa emosyong bumalot sa kanyang kalooban.


Tulad ni Bernadette, ang kanya ring kapatid na si Jherico ay nakaramdam din ng minsang pagka-inggit sa estado ng pamumuhay ng mga kaklase nito.

"Naiinggit po ako sa mga bag ng mga kaklase ko noon, karamihan po kasi sa mga bag nila noon ay 'yong de-gulong. Hihilahin mo na lang, hindi ka na mahihirapang magbuhat ng bag mo. Gusto ko sanang magkaroon ng ganoon pero wala naman kaming perang pambili," salaysay naman ni Jherico.

Ayon naman sa kanilang amang si Bernardino, masakit man sa kanyang loob na hindi niya maibigay lahat ng gusto ng mga

SUNDAN SA SUSUNOD NA PAHINA






MULA SA PAHINA 5

anak ay hindi pa rin siya nawalan ng pag-asa noon na balang araw ay makaaahon din sila sa kahirapan.

"Sinasabi ko sa kanila na gamitin muna nila ulit 'yong mga pwede pa nilang gamitin sa susunod na pasukan. Huwag na muna silang bumili, 'ika 'ko, ng bago kung pwede pa namang gamitin ang luma kasi nga gipit kami talaga," wika niya.

Sariwa pa sa kanyang ala-ala ang mga panahong kahit maghapon siyang mamasada ng *tricycle* ay isa hanggang dalawang kilong bigas lang ang naiuuwi niya para sa kanyang pamilya.

"Kulang na kulang 'yong kinikita ko, malaki na ang Php200 na kita ko sa pamamasada noon. Naranasan din naming mangutang sa 5-6 at halos wala nang makain. Pero hindi ko naman pinababayaan na hindi makakain 'yong mga anak ko, kaya kahit masama ang pakiramdam ko, namamasada pa rin ako para mairaos ang bawa't araw," ani Bernardino.

Aniya pa, hindi sumagi sa isip niya na pahintuin ang mga anak niya sa pag-aaral dahil nakita rin niya ang dedikasyon at interes nila dito.

Batay naman sa kanyang asawang si Evangeline, sa hirap ng buhay ay napilitan silang ibenta ang kaisa-isa nilang *native* na kalabaw dahil nagkasakit si Bernadette at kailangan ng pampagamot.

"Noong wala pa kaming gatasang kalabaw, madalas din kaming mag-away noon ng asawa ko dahil mainitin ang ulo ko dahil wala nga kaming pera," wika niya.

Pero ang lahat ng mga malulungkot na karanasan na tulad nito ay nagbago nang si Bernardino ay mahikayat ng Philippine Carabao Center sa Central Luzon State University (PCC at CLSU) na sumuong sa pag-aalaga ng kalabaw.

**Pagsisimula**

Taong 2001 nang mapili si Bernardino bilang isa sa mga benepisyaryo ng "25 dairy cow module" ng PCC. Dahil sa kanyang kwalipikasyon bilang miyembro ng Diliman 1 Dairy Farmers Association, siya ay nakatanggap ng isang gatasang kalabaw.

Hindi nagtagal, si Bernardino rin ang napili ng mga opisyales ng asosasyon na tumanggap ng mga isinauling kalabaw ng mga miyembro.

Ayon kay Bernadette, nang magpasimula nilang gatasan ang kanilang mga alagang kalabaw, nagsimula na ring sumuong sa paggawa ng pastillas ang kanyang ina na tinutulungan naman niyang itinda sa kanilang eskwelahan. Ang kanyang napagbibilhan ay naipandaragdag sa baon niya at ng kanyang kapatid.

"Noon na rin nakita ng aming mga magulang ang bastanteng mapagkukunan ng pambayad sa mga gastusin namin sa eskwela. Hindi na rin sila nangungutang basta ipaaalam lang namin sa kanila nang mas maaga na may babayaran kami," salaysay niya.

Mga ilang taon ding naghintay at nagtiyaga ang pamilya Dela Cruz bago nila tuluyang nalasap ang masasabing pagkakaroon ng kaginhawaan sa buhay.

**Pagdami ng kalabaw**

Umabot sa 10 kalabaw ang inaalagaan ni Bernardino nang magkolehiyo na ang kanyang mga anak. Apat dito ang kanyang ginagatasan na nagbigay naman ng kita na hindi bumababa sa Php1,000 sa isang araw.

Sa isang kalabaw ay nakakokolekta siya ng lima hanggang anim na litro na ipinagbibili naman niya sa halagang Php55 kada litro sa isang *bakeshop* at *restaurant* sa may Baliuag, Bulacan. Nagbebenta rin siya ng mga lalaking kalabaw.

Nguni't 'di tulad ng iba na kapag may umaakyat nang pera ay pumapalaot na sa pagpapasarap sa buhay, nagsikap silang mag-impok bilang magagamit na puhunan sa ibang negosyo. Sa kalaunan, sila ay nakapagpundar ng dalawang pamasadang *taxi* at dalawang *tricycle*. Nainut-inot din nila ang pagpapaayos ng kanilang bahay at pagbili ng mga pangunahing gamit sa bahay at appliances.

Bumagay naman ang *tandem* ng mag-asawa dahil si Bernardino ay masipag habang si Evangeline naman ay masinop at matipid. Alam nila kung paano paiikutin at pangangasiwaan ang kinikita nilang pera mula sa pagkakalabaw.

"Pero ang totoo sa buhay, batay na rin sa aming karanasan, kahit gaano kalaki ang kita mo kung wawaldasin mo naman ay wala rin. Sa Php1,000 na kinikita namin, 'yon lang mga pangangailangan ang ginagastusan namin at talagang nag-iimpok kami," paliwanag ni Bernardino.

Dagdag pa niya: "Marami ngang nakapapansin sa'kin, bakit daw ako nagpapakahirap sa kalabaw? Ang sabi ko naman, 'and'yan ang pera namin, d'yan kami nabubuhay. D'yan ako nagsimula at 'di ko 'yon kalilimutan."

Noon, ang bahay nila ay maliit lamang na may isang payak na balangkas at *hallow blocks* ang dingding pero walang palitada. Ngayon, napalaki na nila ito. Ang sahig ay baldosa, ang dingding ay makinis at may pinturang berde, kumpleto ang *appliances*, tatlo ang kuwarto at may nakabiting *chandelier* sa gitna ng salas. Sa kabuuan, napakaaliwalas ng








tahanan ng pamilya Dela Cruz na tulad din ng kanilang samahan na pinaalwan ng kumikitang kabuhayan sa paggagatas.

Taong 2012, pinarangalan ng PCC bilang "Best Dairy Buffalo Farmer" si Bernardino dahil sa ipinamalas nitong kasigasigan at kasipagan sa pag-aalaga ng kalabaw.

"Nakatataba lang ng puso na kahit na elementarya lang ang natapos ko e posible rin pala na makaakyat ako sa entablado, humarap sa maraming tao at makatanggap ng ganitong *award*. Hindi 'yon matutumbasan ng pera dahil panghabang buhay ko itong karangalan," ani Bernardino.

Ayon naman kay Mildred Ramos ng PCC sa CLSU, tungkulin ng *center* na magbigay ng tulong-teknikal tulad ng *artificial insemination*, pagpupurga, pagbibigay lunas sa problema sa kalusugan ng mga kalabaw, marketing, pakikipag-




SUNDAN SA SUSUNOD NA PAHINA

MULA SA PAHINA 7



> "Hindi dapat maghirap ang Pilipino. Basta't masikap, matipid, at may mahusay na pangangasiwa, ang lahat ay may pag-asang umunlad"
>
> - BERNARDINO DELA CRUZ

ugnayan sa mga ahensiya ng gobyerno, at tuluy-tuloy na pagtuturo at pagmomonitor sa mga maggagatas na tulad ni Bernardino.

Sabi pa rin ni Bernardino, malayo na nga ang kanilang narating dahil sa pag-aalaga ng gatasang kalabaw. Noong namamasada siya kahit maghapon, kaunti lang, o kaya'y di-tiyak kung kikita nga siya. Pero ngayon, pagkatapos na asikasuhin ang kanyang mga kalabaw at iba pang kaugnay na gawain, nakapamamahinga na siya ng ilang mga oras at may sigurado pa siyang kita.

"Noon, kilu-kilong bigas lang ang nabibili ko para sa pamilya ko. Ngayon, may pambili na ako ng saku-sakong bigas," sabi ni Bernardino.

**Suporta sa pag-aaral**

Nakatulong ang kita nila mula sa pagkakalabaw upang matustusan ang pambayad sa matrikula ng mga anak nila, *allowances*, mga libro at lahat ng iba pang gastusin sa eskwelahan.

"Noong kumikita na talaga kami, Php100 na 'yong baon nila, minsan sinosobrahan ko pa. Hindi naman sila maluluho, kaya talagang ginanahan kaming pagtapusin sila ng pag-aaral," ani Bernardino.

Tatlong taon namang naging *scholar* si Bernadette noon sa kolehiyo kung kaya't kalahati lang ng matrikula niya ang kailangang bayaran. Umabot noon sa mahigit na Php15,000 sa isang taon ang matrikula nilang magkapatid.

Para kay Bernardino, ang edukasyon ay isang karangalan na kailanman ay hindi matutumbasan ng anuman. Ito, aniya, ang susi ng bawa't isa tungo sa magandang kinabukasan.

Inani na nga nina Bernardino at Evangeline ang bunga ng kanilang mga pinaghirapan. Nagtagumpay sila na mapagtapos ng pag-aaral si Bernadette noong 2013 habang taong 2016 naman si Jherico.

Nagpapasalamat ang magkapatid sa kanilang mga magulang dahil hindi sila binitiwan at sinukuan na makatapos ng pag-aaral sa kabila ng naging hirap sa buhay.

Sa pananaw ng pamilya Dela Cruz, hindi dito nagtatapos ang buhay sapagka't nasaksihan nila na may asenso sa kabila ng kahirapan. Umaasa sila na magiging halimbawa sa iba ang kwento ng kanilang buhay.

"Hindi dapat maghirap ang Pilipino. Basta't masikap, matipid, at may mahusay na pangangasiwa, ang lahat ay may pag-asang umunlad," ani Bernardino.

At si Bernadette, sapat ang naging pundasyon niya sa mga katangiang kailangan para sa pag-angat sa buhay. Sapat din ang kanyang edukasyon at pananaw ukol sa magandang negosyo. Hindi malayo, maaabot niya ang pinatayog niyang pangarap sa buhay.

Si Jherico, malamang na isang araw ay palipad na siya sa bansang pangarap na patunguhan para sa magandang gawain at pagtatamo rin ng sariling kinabukasan.





# Gatasang kalabaw,

# SUSI SA PAG-ABOT NG MGA PANGARAP NG ISANG DATING MALIIT NA MAGBUBUKID

NI KHRIZIE EVERT PADRE

KUHA NI CHRISSALYN MARCELO

**"Sa pag-aalaga ng gatasang kalabaw, katuwang ang pamilya ko, naabot na lahat ang aming mga pangarap."**

Ito ang pangungusap na binitiwan ni Leoncio Callo, tagapangulo ng Catalanacan Multi-Purpose Cooperative sa Barangay Catalanacan, Science City of Muñoz, Nueva Ecija, bilang pagpapatotoo sa tinamo niyang maningning na tagumpay sa pag-aalaga ng gatasang kalabaw.

Noon, isang matinding hangarin niya sa buhay na mapagbuti ang kalagayan ng kanyang pamilya at mapagtapos sa mataas na pag-aaral ang mga anak. Ang hangarin niyang ito ang nagsilbing hamon para magpursigi sa gawain katuwang ang may-bahay niyang si Zenaida.

"Pag-aalaga ng baka at kalabaw at pagsasaka ang aking pinag-uubusan ng sipag, panahon at pagsisikap nang bagong kasal pa lamang kami ng asawa ko. Iyon ding gawaing iyon ang kinamulatan ng mga naging anak namin," pagbabalik-tanaw ni Leoncio.

Nguni't napagtanto niya na gaano man ang ginagawa niyang paghihirap sa pagsasaka at pag-aalaga ng kalabaw at baka ay hindi sumasapat ang kanyang kinikita upang abutin ang kanyang mga pangarap. "May sinasaka nga ako pero wala naman akong sariling kapital. Nanghihiram lang ako sa mga nagpapautang para sa pantustos ko sa kailangan sa bukid," ani Leoncio.

Hirap man sa kanyang ginagawa at kinakapos sa panggastos, pinilit nilang iusad sa pag-aaral ang kanilang mga anak, dagdag niya.

Taon 2000 nang mapabilang ang kooperatibang kanyang kinaaniban nang maging kuwalipikado sa

SUNDAN SA SUSUNOD NA PAHINA

MULA SA PAHINA 9




ipinagkakatiwalang gatasang kalabaw ng PCC. Kabilang siya sa naging benepisyaryo ng programa at tumanggap ng may mataas na lahing gatasang kalabaw. Noon niya ipinasyang iwan ang pagsasaka at ituon na lamang ang kanyang panahon sa pag-aalaga ng gatasang kalabaw .

Naging katuwang niya ang kanyang may-bahay na si Zenaida sa pag-aalaga ng gatasang kalabaw at iba pang mga alagang hayop. Kabilang sa pag-aasikaso sa mga bagong alaga ay ang pagsisiguro na mayroong sapat na pakain ang mga ito. Ito'y kinabibilangan ng sariwang damo, dayami, *concentrates*, *molasses* at *mineral supplement*.

Ginawan na rin nila ng konkretong inuman ng tubig at tinitiyak na laging puno ito ng malinis na tubig.

Ang mahusay nilang pag-aalaga sa 33 kalabaw ay humantong sa matagumpay na panganganak ng siyam sa mga ito at nagsimula na sa pagbibigay ng gatas.

"Tiyak ang naging paggising namin sa madaling-araw araw-araw. Alas-kuwatro pa lamang ay tumutunog na ang aking *cellphone* at bumabangon na ako para pasimulan ang gawain," ani Leoncio.

Sumusunod naman agad ang kanyang may-bahay para asistihan siya sa mga gawain sa paggagatasan

Isa sa mga natatanging gawain ni Leoncio ay ang pagkakaroon ng isang maayos na talaan ng bawa't kalabaw na kanyang inaalagaan at lalo na ang naaaning gatas sa mga ito. Bunga nito, madali niyang nalalaman ang kabuuang dami ng gatas na nakukulekta sa bawa't gatasang kalabaw at ang kita na nagmumula sa mga ito.

Dahil sa kanilang pagsisipag at pagtitiyaga sa pagbibigay ng kaukulang pag-aalaga ng kanilang mga gatasang kalabaw, nakapagtala sila ng kabuuang koleksiyon ng gatas na hindi bababa sa 30 hanggang 40 litro mula sa kanilang siyam na gatasang kalabaw. Ito'y may katumbas na kitang Php1,500 kada araw.

Ang halagang Php700 ay kanyang itinatabi upang sa pang-araw-araw na gastusin sa pag-aalaga sa mga ito.

Kinilala siya ng Catalanacan MPC na laging may pinakamataas na nakukulektang gatas sa lahat ng miyembrong magsasakang-maggagatas ng kanilang kooperatiba.

Nang taong 2012, umabot sa 9,468.5 litro ng gatas ang kanilang nakulekta. Sa halagang Php38 kada litro noon, ito ay may katumbas na Php359,803 na kabuuang kita.

Noong 2013, sa taunang pamimili na isinagawa ng PCC kaugnay ng ika-20 anibersaryo ng ahensiyang ito, itinanghal at pinarangalan si Leoncio bilang "Best Dairy Buffalo Farmer" sa kategoryang *semi-commercial*.


Sa pagdaraan pa ng mga taon, naganap ang kaiga-igayang pagbabago sa pamilya ni Leoncio.

Nagkaroon sila ng maayos na pasilidad para sa kanilang mga gatasang kalabaw at maginhawang naitaguyod ang pag-aaral ng apat nilang anak. Tatlo sa mga ito ay nagtapos na ng kani-kanilang kurso sa pag-aaral.

Ang panganay nila na si Leo, 30, ay nagtapos ng *Bachelor of Science in Animal Science* sa Central Luzon State University (CLSU) at ang pangalawa, si McLeo, 26, ay sa *two-year course* na *Information Technology* sa Computer Training Center Foundation sa CLSU. Naging isang *Artificial Insemination Technician* naman ang pangatlo, si Richard, 22. Ang pang-apat na si Jesusa, 18, ay kasalukuyang kumukuha ng *Bachelor of Science in Civil Engineering* sa CLSU.

"Maluwalhating napag-aral namin sila. Nakabibili sila ng mga kailangang damit at ng mga gadget noon habang nag-aaral," ani Leoncio.

Nakabili rin ng *hand-tractor, owner-type jeep, tricycle* at *motorcycle* at napaayos na ng pamilya ang kanilang tahanan




bilang isang *semi-bungalow type*. Bukod dito, marami pang iba silang naipundar na mga pangangailangan nila.

Sabi ng anak ni Leoncio na si McLeo:

"Laging sinasabi ni Tatay sa aming magkakapatid noon na pagbutihin ang pag-aaral namin dahil mahirap ang pagtatrabaho sa bukid. Ayaw nila na maranasan namin 'yong hirap na pinagdadaanan nila dahil hindi sila nakatapos sa mataas na pag-aaral," ani McLeo.

Tinukoy ni McLeo na nasa elementarya pa lamang siya noon nang magsimulang mag-alaga ng gatasang kalabaw ang kanyang mga magulang. Aniya niya, nasubaybayan niya ang pagsisikap nilang ginawa para maalagaang mabuti ang mga ito at magbigay ng kaukulang biyaya.

"Mula sa paggising nila ng alas kuwatro ng umaga para lamang maggatas hanggang sa matiyagang pagpapakain sa mga ito," sabi ni McLeo. "Minsan gumigising din ako ng maagang-maaga para magpaligo, magpainom at magpakain sa mga kalabaw habang ginagatasan ang mga ito," dagdag niya.

Isinalaysay rin ni McLeo na naging bahagi rin ng mga mahirap na mga gawain sa pagbubukid tulad ng pagpipilapil at pagtatabas ng damo. Nalaman din niya noon na upang matustusan ang kanilang pag-aaral ay nangungutang ang kanilang mga magulang.

Lubos naman ang pagmamalaki ni Leoncio dahil sa "isang katulad ko na dating naghihirap na magsasaka ay napagtapos ng pag-aaral ang mga anak. Isang kayamanan ito na hindi mananakaw sa kanila."

"Iyong mga pangarap ko noon, parang hindi ko kayang abutin. Pero buhat nang magkaroon ako ng mga gatasang kalabaw at dumami sila, unti-unti nagkatotoo ang mga pangarap ko na makapagpatayo ng bahay at makapagpatapos ng mga anak sa pag-aaral," ani Leoncio.

Ang lahat ng mga ito, aniya pa nang may kagalakan sa kanyang boses, ay nangyari dahil sa mga gatasang kalabaw at ng aming lubos na pagsisikhay na mag-asawa.

# ISANG MALA-HIMALANG PAG-ANGAT SA BUHAY

NI MA. CECILIA IRANG

KUHA NI CHRISSALYN MARCELO



**Toyo at paghihikahos sa buhay.**

Ito ang nanunumbalik sa isip ni Ricky Araña, 30, ng barangay Cabudian Dueñas, Iloilo, kapag nakakikita siya ngayon ng sangkap na ito sa pagkain. Noon, sa kanyang gunita, tuwing umaga, silang magkakapatid ay toyo lamang ang inuulam. Gayunman, tinitiis na lamang nila iyon sa kagustuhan nilang makatapos ng pag-aaral.

Pero biglang may nabago sa kanilang buhay – isang pagbabagong naghatid sa kanila ng maayos na kalagayan sa buhay.

Nagsimula ang pagbabago nang mahikayat ng PCC sa Western Visayas State University (PCC-WVSU) ang kanyang amang si Romeo Araña na subukang gatasan ang kanilang *crossbred* o mestisang kalabaw. Pagkalipas ng ilang taon, ang toyo ay napalitan na ng masasarap na ulam at ginagawa na lamang nilang sawsawan ng kanilang pagkain.

**Hirap ng buhay**

Bunso sa tatlong magkakapatid, nagpasiyang huminto sa pag-aaral si Ricky pagkatapos niya ng *high school* dahil ang kanyang dalawang kapatid ay nag-aaral na sa kolehiyo. Aniya, hindi na makaya ng kanilang mga magulang na sabay-sabay silang pag-aralin dala ng kahirapan.

Gayunman, pagkalipas ng dalawang taon, buong giting na ipinasya ng kanyang ama na pag-aralin siya sa kolehiyo bunsod ng pangarap nitong makapagtamo ng mataas na karunungan ang kanyang mga anak.

Upang matustusan ang kanilang pag-aaral, tumulong ang kanyang ina na mamasukan bilang kasambahay. Ang kanyang ama naman ay patuloy na nagtrabaho bilang katuwang sa bukid ng isang kakilala.

Tulad ng kanyang panganay na kapatid, kumuha rin ng kursong edukasyon si Ricky sa Western Visayas College of Science and Technology (WVCST) na ngayon ay kilala na bilang Iloilo School of Arts and Trade University. Ang sumunod sa panganay, na isang babae rin, ay kumuha ng kursong *Information Technology* sa nasabi ring pamantasan.

Sa kasamaang palad, sa huling taon ng pag-aaral sa kanyang kurso ng kanyang pangalawang kapatid, ay nagkasakit ito ng lupus at pumanaw.

"Nakita ko ang kasigasigan ng namayapa kong kapatid sa kanyang pag-aaral. Iyon ang nagbigay sa akin ng inspirasyon na pagbutihin ang aking pag-aaral," ani Ricky.

Nasaksihan niya ang paghihirap ng kanyang mga magulang lalung-lalo na ang kanyang ama para lang maitaguyod sila sa pag-aaral.

"Kung kani-kanino nanghihiram si Tatay noon para lang may pambaon ako sa pagpasok sa paaralan," ani Ricky.

Ayon sa kanya, dumating sa puntong ayaw nang pahiramin ang kanyang ama ng mga pinagkakautangan nila dahil walang kasiguraduhan kung kailan sila makababayad. Nguni't nakadidiskarte pa rin ang kanyang ama. Pilit hahanap ng bagong uutangan para mabayaran ang dating perang nahiram.

"Noong unang taon ko sa kolehiyo, dama ko ang matinding kakulangan namin sa pera. Nangyari rin na toyo ang ulam namin sa isang linggo para makatipid at may bauning pera sa pagpasok," ani Ricky.

Kapag may babayaran sa eskuwelahan, tumutulong siya sa pag-aararo sa paggawa sa bukid hanggang sa gumabi para madagdagan ang kita.

"Kahit madilim na ay talagang pinipilit namin ni Tatay na magtrabaho sa bukid,"sabi ni Ricky. "Por ektarya kasi ang bayaran sa pagtatrabaho sa bukid. Saka lang ibibigay ng bayad kapag natapos ang gawain," dagdag niya.

Sa katitiyaga, nakatapos naman ang panganay niyang kapatid. Nang magkatrabaho ay tumulong na ito sa pagtutustos ng pangangailangan sa pag-aaral ni Ricky.

Noon, naganyak ang kanyang ama na mag-alaga ng kalabaw na crossbred.

**Pagbabago ng takbo ng buhay**

Noong 2012, nang *fourth year* na siya sa pag-aaral, nanganak ang alagang kalabaw ng kanyang ama. "Noong una ay hindi agad nakumbinsi si Tatay na marami ngang gatas na makukuha sa kalabaw na *crossbred*. Pero nagbago ang kanyang paniniwala ng sumakamay na niya ang pinagbilhan ng naaning gatas ng kanyang alagang kalabaw,"paglalahad ni Ricky.

Isang *village-based artificial insemination technician* ng PCC-WVSU, si Harnel Lastimozo, ang tuluy-tuloy na gumabay sa kanya sa paggagatas ng kalabaw.



Dahil na rin sa dedikasyon at pagmamahal sa kalabaw ng kanyang ama, ito'y itinanghal bilang best dairy farmer ng PCC sa kategoryang smallhold noong 2014.

Pinatotohanan ni Janice Cuaresma, *carabao-based enterprise development coordinator* ng PCC-WVSU, na talagang binalik-balikan nga nila ang kanyang ama, si Mang Romeo, para magtagumpay sa kanyang sinubukang gawain sa paggagatas ng kalabaw.

"Hindi kataka-takang maibigan ni Mang Romeo na gatasan ang kanyang kalabaw. Paano, dito siya nakakita ng pagbabago sa kalagayan nila sa buhay," ani Gng. Cuaresma.

Karaniwang nakakukuha ng limang litrong gatas si Romeo sa kanyang alagang *crossbred*. Ayon kay Ricky, may mga panahon pa na umabot sa pito ang pinakamataas na litrong gatas ang nakuha ng kanyang ama, bagay na pinaniniwalaan ng karamihang *purebred* na kalabaw lamang ang kayang makagawa.

**Lumaking kita**

"Nakakukuha si Tatay ng limang litrong gatas sa kanyang alagang *crossbred*. Kung minsan pa ay umaabot ito ng pitong litro," ani Ricky.

Naibebenta nila ang aning gatas sa halagang Php70 kada litro sa PCC-WVSU.

"Sariwang damo at malinis na inuming tubig ang palaging ibinibigay ni tatay sa kanyang alagang kalabaw," salaysay ni Ricky. "Ganoon ang pamamaraan niya ng pagpapakain ng kalabaw araw-araw kaya nagiging mataas ang kanyang aning gatas," dagdag niya.

Sabi ni Ricky, hindi rin niya inaasahang ang gatasang kalabaw ang tutugon sa pangangailangan nilang pinansiyal.

"Noon, talagang problema kung saan kami kukuha ng

SUNDAN SA SUSUNOD NA PAHINA

MULA SA PAHINA 13

pambayad ko sa unibersidad para makakuha ako ng *final exam*,"pagsisiwalat ni Ricky. "Parang himala na pagkaraan ng isang linggo matapos kong sabihin sa aking Tatay na kailangan ko ang malaki-laki ring bayarin sa eskuwelahan, nanganak ang kanyang alagang kalabaw," dagdag niya.

"Nasa Php13,000 ang matrikula ko sa WVCST. Mabigat 'yon para sa anak ng isang magbubukid na tulad ko. Pero dahil sa kita sa gatas, naresolba ang problema kong pinansiyal," nakangiting saad ni Ricky.

Pinatunayan ni Ricky na ang kanyang ama ay kumita ng mahigit sa Php79,000 sa ikalawang panahon ng paggagatas ng kanilang *crossbred*. Nakatulong din ito ng malaki para matustusan ang lingguhan niyang pangangailangan habang nagre-*review* siya para sa kanyang *board examination.*

Dahil na rin sa dedikasyon at pagmamahal sa kalabaw ng kanyang ama, ito'y itinanghal bilang *best dairy farmer* ng PCC sa kategoryang *smallhold* noong 2014.

**Bunga ng pagsisikap**

Isa na ngayong lisensiyadong guro si Ricky. At siya'y nagtatrabaho na.

Isang guro si Ricky sa programang *Alternative Learning System* (ALS). Nasa edad 15-30 ang mga estudyanteng tinuturuan niya.

Ang ALS ay programa ng Departamento ng Edukasyon para sa mga *Out-of-School Youths* o mga kabataang naghinto sa pag-aaral bunga ng maraming kadahilanan.

"Yong mga batang tinuturuan ko sa ALS, ganyan na ganyan ako, uhaw na uhaw sa kaalaman pero hinahadlangan ng kahirapan. Kahit ano pa mang kurso, maging masaya tayo dahil ang mahalaga ay hindi ipinagkait ng mga magulang natin ang karapatang matuto," ani Ricky.

Dagdag pa niya: "Sobrang nagpasasalamat ako kay Tatay at Nanay dahil pinagtapos nila ako ng pag-aaral. Sa panig ko ngayon, ako naman ang tutulong sa kanila para maibsan ang hirap nila sa gawain.

**Mag-aalaga rin ng kalabaw**

Dalawang taon na ngayong guro si Ricky.


May pamilya na rin siya. Ang napangasawa niya ay isa ring guro. Madalas nilang napag-uusapan ang pagpapalago ng kabuhayang salig sa kalabaw na ginawan ng matibay na pundasyon ng kanyang ama.

"Hindi ako makatatapos ng pag-aaral kung walang gatasang kalabaw si Tatay," ani Ricky.

Hindi lingid sa kanyang may-bahay ang pagbabagong nagawa sa estado ng buhay nilang mag-aanak ng gatasang kalabaw. Kaya naman, lubos din ang pagsang-ayon nito na sumuong din sa pagkakaroon ng gatasang kalabaw.

"Mag-aalaga rin kami ng gatasang kalabaw," ani Ricky.

Natitiyak niya, malaki ang maitutulong ng gawaing ito para lalo pang maging maayos ang buhay ng sarili na rin niyang pamilya.









## 'Diploma' ng mga anak,

# INAYUDAHAN NG PAGGAGATASAN AT NG KOOP

NI PAUL JOHN VILLAMOR
KUHA NI ROWENA BUMANLAG

**Gaya ng iba pang mga magulang, si Catalina Visda ay naniniwalang walang hihigit pa sa mataas na edukasyon ang maipamamana sa mga anak lalo pa nga't ito'y iginagapang lamang dala ng kahirapan.**

SUNDAN SA SUSUNOD NA PAHINA

MULA SA PAHINA 15

"Nakabili ang asawa ko ng isang ektaryang lupa sa pagtatrabaho niya sa ibang bansa," ani Catalina. "Dala ng mahirap ding pagtatrabaho sa ibang bansa na hindi naman gaanong malaki ang kita, umuwi siya upang mapagtulungan naming trabahuhin ito," dagdag niya.

Ang lupang sakahin ay sa Barangay Pulong Buli sa Sto. Domingo, Nueva Ecija.

Sa munting bukid na ito, siya at ang asawang si Lorenzo ay nagsikhay para matugunan ang pangangailangan ng kanilang pamilya – kabilang na ang pagpapaaral sa limang mga anak.

"Mahirap talaga. Talagang said na said ang kinikita namin lalo pa nga't nagkakasabay-sabay ang pag-aaral ng mga anak," pahayag ni Catalina.

Gayunman, hindi naman daw sila nabigong mag-asawa.

Kung ang gagawing sukatan ay ang pagpapatapos ng mga anak ng kani-kanilang kursong naibigang abutin at makapagtamo ng diploma, masasabi ngang ganap ang kanilang tagumpay at kasiyahan. Dalawa sa kanilang mga anak ay tapos na ng pag-aaral sa kolehiyo, ang ikatlo ay nasa ikalawang taon na sa Nueva Ecija University of Science and Technology-Sumacab *campus* sa lunsod ng Cabanatuan sa kursong *Industrial Technology,* ang ikaapat ay nasa unang taon sa hayskul, at ang bunso ay nasa huling taon na sa elementarya.

Ang maganda, wala sa kanilang mga anak ang naranasang mahinto sa pag-aaral.

"Magandang diskarte sa buhay ang nangyari sa amin," pagmamalaki ni Catalina.

Sinabi niyang ang pinaghuhugutan niya ng tatag ng loob at malalim na pananalig na matatamo ang pangarap ay ang gabay na sinabi ng kanyang mga magulang noon. Kahit anong bigat daw ang maranasan sa pagpapa-aral ng anak ay huwag susuko sa paghanap ng paraan upang hindi maipagkait ang karapatang ito sa pagtatamo ng mataas na edukasyon.

**Ang magandang diskarte**

Sumapi si Catalina at naging opisyal ng Pulong Buli Multi-Purpose Cooperative (PBMPC) nang taong 1998. Ito ang naging daan niya sa pagkakaroon ng oportunidad upang masuportahan ang lumalaking pinansyal na pangangailangan ng mga anak na nag-aaral.

Isang gatasang kalabaw mula sa Philippine Carabao Center (PCC) ang naipagkaloob sa kanya. Mga ilang buwan lang ay nanganak ang kalabaw at nagsimula ang kanilang paggagatas at pagbebenta ng gatas.

"Tuwing alas-kuwatro ng umaga ay gumigising na kaming mag-asawa at ginagatasan ang alaga naming kalabaw. Alam namin na kung aasa lang kami sa pagtatanim, kakapusin talaga dahil sabay-sabay nga ang pangangailangan ng mga anak naming nag-aaral," ani Catalina.

Sa paglipas ng mga taon, naging 14 ang inaalagaan nilang gatasang kalabaw. Ang maganda pa, naging matibay nilang sandigan ang natatanging programa ng kanilang kooperatiba ukol sa pagkakaloob ng tulong na pinansiyal.

"Nakatulong ng malaki ang *educational loan program* ng aming kooperatiba," pahayag ni Catalina.

Sa ilalim ng programang ito, na kabilang siya sa mga bumalangkas noong 1992 bunsod ng ipinanukala noon at pinagsikhayang mabuo sa pamamagitan ng tagapangulo nilang si Primo Natividad, ang mga kasapi na may mga anak na hindi makapag-aral dahil sa kakapusan ng panustos, ay pagkakalooban ng tulong.

"Sa ilalim ng programa, babayaran ng kooperatiba ang matrikula ng anak ng miyembro na humiling na mabiyayaan. Bukod dito, Php700 kada linggo ang ipauutang bilang panggastos sa eskwelahan ng mga tinutulungang mag-aaral," paglalahad ni Catalina.


Pag-aaral mula sa lebel na elementarya hanggang kolehiyo ang nakalaang panustos.

"Isang porsiyento lamang ang patong na interes sa inutang mula sa *educational loan program* ng aming kooperatiba. Ang pagbabayad ay nakadepende sa nanghiram. Hindi siya inoobliga ng kooperatiba pero siyempre tungkulin ng miyembro na huwag kalilimutan ang kanyang pananagutan. Kapag nakaluwag-luwag siya'y dapat na kusang magbayad," pagsasalaysay ni Catalina.

Aniya, dapat buhay na buhay ang tunay na kahulugan ng pagtutulungan at mataos na katapatan at pananagutan para magpatuloy sa kanyang buhay at pagsulong ang koopertatiba.

Sa pag-aaral ng kanilang mga anak, pagtatapat ni Visda, sadyang malaki ang papel na ginampanan ng programa nilang ito sa kooperatiba. Naging magaan para sa kanila ang benepisyong hatid ng nabanggit na programa ng PBMPC, aniya.

"Kaya naman, bilang miyembro at opisyal pa nga ng aming kooperatiba, sinusuklian ko ng mahusay na pakikisama at pagtulong para manatiling maayos ang estado ng operasyon ng aming samahan," ani Catalina. "Sa paraang ito, nakapagbabalik ako ng kagandahang-loob na ipinadama sa akin ng koop," dugtong niya.




**Pagtutulungan**

May sarili nang pamilya si Raphael, panganay na anak ni Catalina. Gayunman, tumutulong pa rin siya sa mga gastusin ng tatlo pang nag-aaral na kapatid. Siya'y kasalukuyang tagapamahala ng isang kompanya na nagbebenta ng motor sa Laur, Nueva Ecija. Kursong *Business Administration* ang kanyang natapos.

"Sabi niya sa 'kin, kahit na may pamilya na siya, basta mayroon ay hindi siya mag-aatubiling magbigay," ani Catalina. "Maliit pa naman daw ang kanyang anak at gusto niyang makatapos din ang kanyang mga kapatid na nag-aaral pa," dagdag niya.

Si Paul John, na sumunod kay Raphael, ay nakatapos ng kursong *Bachelor of Science in Information Technology* at nagtatrabaho na rin. Nakapag-aabot na rin ito ng tulong sa pagbili ng pangangailangang pang-araw-araw sa kanilang bahay.

Sa tuwing magkakaroon ng pagkakataon si Catalina, kanyang sinasabi sa kanyang mga anak na nakatulong sa kanila ang mga gatasang kalabaw at ang smga ito ay kanilang yaman, ang tagapagpausad ng kanilang kabuhayan, na nagtaguyod sa kanilang lahat. Dapat aniya na hindi lamang ito alagaan kundi pakamahalin.

Sinabi rin ni Catalina na hindi naman parang naging pensiyonado ang dalawa nilang anak na sina Raphael at Paul John. Naging katuwang sila sa pagsasakate, pagpapakain, pagsusuga at pagpapaligo sa kanilang mga alagang kalabaw, paliwanag niya.

"Si Philip ko ay mahilig magkutingting ng makina at mga gamit sa bahay. Balak yatang kumuha ng kursong *automotive*. Ang bunso naman naming si Catherine ay pangarap maging nars," saad ni Catalina.

**Inspirasyon**

Sa kanilang lugar sa Pulong Buli, ibinabahagi ni Catalina ang kanyang istorya sa tuwing tatanungin siya kung paano niya napagsabay-sabay na pag-aralin ang mga anak. Lagi niyang itinutugon ang pagtitiyaga at kaisipang naroroong laging may paraan sa bawa't problema.

Aniya, walang pagsubok sa buhay na hindi kayang lagpasan basta't ilagak lamang ang lahat ng ito sa Panginoong Diyos na may-akda ng lahat.

"Wala namang nag-alinlangan sa magandang hangarin ng PCC na makatulong sa pag-aangat ng kabuhayan ng magsasaka mula sa pag-aalaga ng gatasang kalabaw," pagbubuod ni Catalina. "Ako, hindi ko pinanghihinayangang sumubok sa gawaing ito."

Idinagdag pa niya: "Ang nakapanghihinayang ay 'yong hindi ka pa man sumusubok ay sinasabi mo na agad na isa itong mahirap na gawain."



## Ayon sa isang magsasakang-maggagatas

# ‘SA GATASANG KALABAW, WALANG IMPOSIBLE’

NI MA CECILIA IRANG
KUHA NI ROWENA BUMANLAG

**Noon, dama ni Florencio Madulid, 57, ng barangay Palestina, San Jose City, ang pangmamaliit sa kanya ng ilan sa kanilang lugar. Wala man lamang daw siyang anak na nakatuntong at nakatapos ng kolehiyo.**

Marami kasi sa kanilang lugar ang nakapagpatapos ng mga anak sa iba't ibang kurso. Kaya naman ang gayong kalagayan ang siyang karaniwang nagiging sukatan ng pagtatagumpay ng isang ama o ng isang pamilya sa buhay.

Sa kalooban ni Florencio, naging maalab iyong motibasyon sa kanya upang pagsumikapang mapagtapos ang anak niya sa kolehiyo. Naging masigasig naman sa pag-aaral ang kanyang anak. Si Gretchen, ngayo'y 27 na, ay isa nang lisensiyadong guro.

"Naipagmamalaki ko na ngayon na may napapagtapos na rin akong anak sa kolehiyo. *Take one* pa nang umeksamen sa *board exam* iyan," ani Florencio.

Hindi niya itinatago ang katotohanang ang pag-aalaga niya ng gatasang kalabaw ang siyang naging daan para ang maalab niyang hangarin ay matamo.

Nagsimula sa isang gatasang kalabaw noong taong 2000, si Florencio ay mayrooon na ngayong 17 alagang hayop.

Siya'y *vice chairman* ng Eastern Primary Multi-Purpose Cooperative (EPMPC), isa sa mga kooperatibang inaasistehan ng PCC.

Nakapagtapos lamang siya ng *high school* at sila ng asawang si Elizabeth ay may limang anak.

Hinangad niyang makapagtapos ang kanyang mga anak ng mas mataas na edukasyon. Pero palibhasa'y ramdam ng iba niyang mga anak na ang noo'y pagsisibuyasan nila ay hindi makasasapat sa mataas na gugulin sa pag-aaral, tatlo sa mga anak niya ay nagpasiya na ring huwag nang magpatuloy sa kolehiyo. Ang panganay ay nakatungtong ng *1st year college* pero tumigil din sa pag-aaral at pinalad namang magkatrabaho sa Japan.

"Inisip noong iba kong anak na baka mahinto lang daw sila ng pag-aaral dahil sa hirap ng buhay namin. Kaya't kahit nang sabihan kong pagpupursigehan ko silang suportahan ay sila na ang nagpasyang magsitigil sa pag-aaral," sabi ni Florencio.

Si Gretchen, pangalawa sa bunso, ang tanging nagpamalas ng pagpupursige at dedikasyon na makatapos ng pag-aaral. Siya'y nakatapos ng kursong *Bachelor of Science in Secondary Education, major in Technology and Livelihood Education (TLE)* taong 2013 sa Central Luzon State University at isa na ngayong guro sa high school sa isang pribadong paaralan sa San Jose.

Ayon kay Florencio, matalinong bata si Gretchen. Siya ay consistent honor student mula elementarya hanggang high school. Ang katangiang ito ni Gretchen ang isa sa nagtulak kay Florencio upang pagsikhayan na pagtapusin ang anak sa pag-aaral.

**'Di sapat na pinagkakakitaan**

Sa pagsisibuyasan noon umaasa si Florencio ng mapagkukunan ng pampaaral sa mga anak. Kung maganda ang kita, aniya, nakatutuloy sa pag-aaral ang mga anak, pero kung wala ay napipilitan siyang paghintuin muna sila sa pag-aaral.

Bilang pantawid naman sa pang-araw -araw na pangangailangan ng pamilya, pakikipagtanim at pakikigapas ang sinuong niya.

"Bumabale ako agad ng pera sa magpapatanim o magpapagapas. Iyon ang ginagamit ko pambili sa mga pangangailangan sa bahay at sa kaunting baon ng mga anak ko sa eskwela," paglalahad niya.

Mayroong mga pagkakataon pa, aniya, na hindi na niya nabibigyan ng baon ang mga anak dahil sa kakulangan sa pera. "Sabi ko na lang sa kanila, magtiis na lang sila. Ang mahalaga ay pumapasok sila kahit wala muna silang baon," ani Florencio.

Ayon naman kay Gretchen, noong siya ay nasa *high school* pa lang, naranasan niyang magkaroon ng tampo sa ama niya dahil hindi niya mabili ang ilang mga pangangailangan sa pag-aaral.

"Madalas ako laging huli sa pagpasa ng mga *projects* kasi walang pera pambili si Tatay. Kailangan muna niyang gumawa ng paraan na gaya ng pagbale sa magpapatanim ," pag-alala ni Gretchen.

Naisip rin niya ang mga panahong wala silang makain. Dumating pa, aniya, sa puntong kanin, tubig, at asin lang ang inuulam nila sa maghapon.

"Ayaw ko nang maranasan ulit 'yon, kaya nagsumikap ako na makapagtapos ng pag-aaral," determinadong sabi niya.

**Pagsilay ng pag-asa**


Taong 2000 nang mapagkalooban ng isang gatasang kalabaw si Florencio sa ilalim ng "20 cow module" ng PCC.

Hindi naman naglaon ay nagkaroon ng bunga ang kanyang pagsisikap sa pag-aalaga ng hayop. Nanganak ito at nagpasimula niyang gatasan.

Pero maliit lang ang panimula niyang kita.

"Kaunti lang ang gatas kong naipagbibili. Naging ugali ko pa nga na makiusap sa koop namin

SUNDAN SA SUSUNOD NA PAHINA







MULA SA PAHINA 19




na pabalihin na ako agad pagka-deliver ko ng aning gatas dahil kailangan ko ng pambaon sa eskwela ng mga anak ko. Naging *valedictorian* ako sa aming koop sa pagbale," naiiling na pagbabalik-tanaw ni Florencio.

Naitaguyod naman niya sa pamamaraang ito ang pag-aaral ni Gretchen hanggang sa matapos nito ang *first year college*. Nguni't nagkaroon ng problema sa kalusugan ang inaalagaan niyang kalabaw at natigil ito sa pagbibigay ng gatas. Bunga nito, nahinto si Gretchen sa pag-aaral at napilitang mamasukan sa isang tindahan ng mga piyesa ng bisikleta sa loob ng tatlong taon.

Gayunpaman, hindi nawalan ng pag-asa si Florencio na mairaraos pa rin niya ang pag-aaral ng anak.

Noong humusay ang kalagayan ng mga alaga niyang kalabaw at dumami ang nakukuha niya at naibebentang gatas, nagbalik sa pag-aaral si Gretchen, na naging *working student* din para madagdagan ang panggastos niya. Umaabot kasi sa mahigit Php13,000 ang matrikula niya sa isang taon.


"Sabi niya, magtulungan kami na pagtapusin siya. Sabi ko naman igagapang ko 'yan. Naroroon pa rin kasi sa dibdib ko ang pangmamaliit sa amin noong iba at hangarin kong mapagtapos sa kolehiyo ang anak ko," sabi ni Florencio.

Alam din kasi ni Florencio na mahalaga ang may mataas na pinag-aralan para sa pag-asenso sa buhay. Ito'y base na rin sa kanyang naging karanasan.

"Kung babalewalain mo ang edukasyon e hindi ka aangat sa buhay. Hanggang doon ka lang sa lebel ng buhay na kinagisnan mo. Pero kung ikaw ay may mataas na edukasyon, mas mataas ang tyansa na makahanap ka ng magandang trabaho at umasenso," paliwanag niya.

Sa pagsisikhay na rin niya, umabot sa lima ang ginagatasang kalabaw ni Florencio. Bunga nito, may panahong umabot sa Php37,000 ang nakukubra niyang napagbilhan ng gatas. Bukod sa natulungan niya si Gretchen sa pag-aaral ay nakapagpundar pa siya ng bagong *tricycle* na gamit pan-deliver ng gatas at naipaayos ang kanilang *terrace*."Noon na ako nakaalpas sa lagi nang problema ko noon na pampa-enroll ni Gretchen ko. Basta alam kong may manganganak akong kalabaw, kampante na ang loob ko. Sabi ko na lang sa kanya, pagbutihin niya ang pag-aaral niya," salaysay niya.

Nang tanggapin ni Gretchen ang kanyang diploma sa kanyang pagtatapos, anang mag-asawang Florencio at Elizabeth ay parang nakapag-martsa na rin sila. Gayunman, naisip din nilang kung nasuportahan lang sana ng husto noong una pa ang pangangailangan sa pag-aaral ng anak, maaaring nakapagtamo pa ito ng karangalang pang-akademiko dahil sa angking talino at katiyagaan.




Laking pasalamat naman ni Gretchen sa sakripisyo ng kanyang mga magulang.

"Nagpapasalamat ako unang-una sa Panginoon, dahil biniyayaan niya ako ng mga magulang na mababait at handang gawin ang lahat para lang mapagtapos ako ng pag-aaral. Salamat sa walang sawa nilang pagsuporta sa 'kin, pagmamahal, at pagpapalaki ng maayos at may takot sa Diyos para sa paghahanda ng aking magandang bukas," wika ni Gretchen.

**'Posible nga ang imposible'**

Tatlo sa ngayon ang ginagatasang kalabaw ni Florencio. Tatlo ang kasalukuyang buntis at malapit nang magsipanganak.

Anim sa kabuuang 17 alaga niyang kalabaw ang mga bulo.

Isa na si Florencio na may maayos na buhay sa kanilang pamayanan. Wala na ang paghihirap ng kanyang loob noon dahilan sa wala siyang anak na napagtatapos sa kolehiyo dahil nga sa matinding kahirapang dinaranas sa buhay.

Ngayon, isa si Florencio na may matatag na sandigan sa pagpapatotoo na malaki nga ang nagagawa sa buhay ng gatasang kalabaw.

"Naging posible ang imposible sa aking buhay dahil sa aking mga gatasang kalabaw. May napagtapos akong anak sa kolehiyo at masasabi ko na ring hindi na kami lugmok sa kahirapan," buong pagmamalaking sabi ni Florencio.



# NAABOT NA MGA PANGARAP DAHIL SA GATASANG KALABAW

NI MA CECILIA IRANG
KUHA NI ROWENA BUMANLAG

**Kung ano man ngayon ang magandang estado ng pamumuhay ni Freddie Boy Dumale, 29, ng barangay Licaong Science City of Munoz, ito'y isang malaking utang na loob niya sa tatlong tao at isang uri ng kapaki-pakinabang na hayop.**

Ang mga taong pinagkakautangan niya ng loob ay ang kanyang ama, ina, at kuya. Ang pambihirang hayop? Gatasang kalabaw.

Si Freddie Boy ay nakatapos ng kursong *Agricultural Education major in Animal Science* sa Central Luzon State University. Siya ngayon ay *corn production* teknisiyan sa isang *agrochemical company*.

Para sa kanya, hindi matatawaran ang ginawang sakripisyo ng kanyang ama at ina makapagtapos lamang siya ng pag-aaral. Pangalawa sa tatlong magkakapatid, nagpapasalamat din siya ng malaki sa kanyang Kuya Alexander, 31, dahil sa ginawa nitong pagpapaparaya upang makapagtapos siya at ang kanilang bunsong kapatid na si Princess, 27, na nakatapos naman ng kursong *Civil Engineering* sa nasabi ring unibersidad.

"Hindi naman kami inoobliga ng aming mga magulang at kapatid na suklian namin 'yong suportang ibinigay nila sa amin noong nag-aaral pa kami. Pero, siyempre, naroroon ang pagkukusa namin dahil nga sa malaking utang na loob naming tinatanaw at mataos na pagmamahal sa kanila," sabi ni Freddie Boy.

Kaya, simula nang makapagtapos sa kanyang kurso, humanap agad si Freddie Boy ng trabaho at ang una niyang sweldo ay kaagad niyang ibinigay nang buung-buo sa kanyang mga magulang na sina Victoriano at Dominga Dumale.

**Pagbabalik-tanaw**

Taong 2005 nang mahikayat sa negosyong paggagatasan si Alexander habang taong 2010 naman si Victoriano. Pinangalanan ni Victoriano ng "Freda" ang kanyang unang kalabaw na isinunod niya sa pangalan ng anak niyang si Freddie.

Ayon kay Victoriano, noong wala pa si "Freda", hirap na hirap siyang pag-aralin ang dalawa niyang anak na noon ay sabay na nag-aaral sa kolehiyo. Upang makatulong sa pagtustos sa mga gastusin,namasukan ang kanyang asawa bilang katulong sa isang *boarding house*. Umabot pa nga sa puntong kung kani-kanino sila nakiusap para makautang ng karagdagang panustos.

"Pamasahe lang 'yong kadalasang baon nila noon. Halos wala silang pang-meryenda. Pakiusap ko naman sa kanila na kung gusto rin lang nilang makapagtapos ng pag-aaral ay dagdagan na lang nila ang pagtitiis at pagtitiyaga," ani Victoriano.

Hindi naman naglaon, "dumating" sa kanilang buhay si "Freda". Sa loob ng isang taon, ito'y nanganak at nagbigay na ng gatas. Kumita ang pamilya ng mahigit Php68,000 sa loob ng apat na buwan mula sa naibentang gatas.

"Nagtaka nga noon ang ibang mga tao na nakakikilala sa amin. Dalawa raw 'yong pinag-aaral ko sa kolehiyo na ang isa nga ay *engineering* na talagang malaki ang gastusin. Hindi nila alam, katuwang ko ang alaga kong gatasang kalabaw na naging magandang diskarte ko sa paghahanap-buhay," paglalahad ni Victoriano.

SUNDAN SA SUSUNOD NA PAHINA



**"Parang tao rin sila na kapag binigyan mo ng sapat na pag-aaruga ay magsusukli rin ng kabutihan at ibayong kapakinabangan," pahayag ni Victoriano habang nagpapakain ng mga alagang kalabaw samantalang inaayos naman ni Dominga ang katreng kanilang tinutulugan sa gabi.**

MULA SA PAHINA 23

Dahil alam ng mga anak niya, lalo na si Freddie Boy, na malaki ang nagiging tulong sa kanilang pag-aaral ng kita mula sa gatas ng kalabaw, aniya'y tumutulong naman sila noon sa pagpapaligo at paggagatas ng hayop at pagsasakate ng pakain.

Pagkaraan ng ilan pang taon, nadagdagan ang inaalagaang kalabaw ni Victoriano. Dahil sa ang naging turing nila sa mga alagang hayop ay "kanilang ka-pamilya", napagpasiyahan nila isang araw na maglagay na ng katreng kanilang tulugan sa tabi ng kanilang kalabaw sa loob ng kural.

"Parang tao rin sila na kapag binigyan mo ng sapat na pag-aaruga ay magsusukli rin ng kabutihan at ibayong kapakinabangan," pahayag ni Victoriano habang nagpapakain ng mga alagang kalabaw samantalang inaayos naman ni Dominga ang katreng kanilang tinutulugan sa gabi.

Sa kasalukuyan, may anim na inaalagaang kalabaw ang pamilya Dumale. Tatlo sa mga ito ang inahin at tatlo naman ang bulo.

Tuwing ikalawang oras sa gabi, bumabangon si Victoriano at pinakakain niya ang mga alagang kalabaw. Sa araw naman, tumutulong si Dominga sa paglilinis ng kural, kabilang na ang pag-iipon ng mga dumi nito sa lugar ng imbakan, at pagpapaligo sa mga hayop.

**Kahalagahan ng edukasyon**

Para kay Freddie Boy, napakahalaga ng edukasyon sa isang tao. Ito, aniya, ay susi sa pagkamit ng mataas na hangarin sa buhay.

Lubos nga rin ang pasasalamat niya sa kanyang nakatatandang kapatid.

"Sabi kasi sa'kin ni Kuya noon, mag-aral na lang kaming mabuti . Nagsakripisyo siya para makatapos kami ng kapatid ko," sabi ni Freddie Boy na ang mga luha'y nangingilid sa kanyang mga mata.




Dagdag pa niya, "Kapag nagtulung-tulong pala ang magkakapamilya ay may magandang ibubunga. Tulad sa isang halaman na kapag itinanim at inalagaang mabuti, mayroon kang inaasahang pipitasing bunga pagdating ng takdang panahon. Ganyan din sa gatasang kalabaw. Mayroong malaking pakinabang sa takdang panahon," pagdidiin ni Freddie Boy.

Ayon naman kay Victoriano, lagi niyang ipinapangaral sa mga anak nila na huwag silang magpabaya sa pag-aaral dahil ito lamang, aniya, ang tanging maipamamana nila sa kanila. Naniniwala siya na ang edukasyon ay isang karangalang hindi makukuha at mananakaw dahil ito'y isang malalim nang tatak sa pagkatao ninuman habang nabubuhay.

"Malaking kayamanan nang maituturing ang aming mga gatasang kalabaw. Dahil sa mga ito, nagawang maabot ng aming mga anak na makapagtapos ng lalong mataas na edukasyon na ngayo'y pinakikinabangan na nila," sabi ni Victoriano.

Sa panig ni Alexander, hindi naman nawalan ng saysay ang kanyang pagsasakripisyo. Isa siya sa labis na natuwa at nagmamalaki sa pagtatapos noong 2009 ni Freddie Boy at ni Princess noong 2012.

Sabi naman ni Victoriano: "Di ko mawari 'yong naramdaman ko noon. Umiyak ako sa sobrang galak. Hindi ako nagkamali na ituring kong mga ka-pamilya na rin ang mga alaga kong kalabaw. Hindi magmamaliw ang ganito kong pagtrato sa kanila at panghabang buhay ko na itong gawain," ani Victoriano.




Sa ngayon, may sarili nang pamilya si Freddie Boy. Siya'y may dalawa nang anak at nakapagpagawa na rin ng sariling bahay. Tulad ng ipinadamang pagmamahal ng kanyang mga magulang,iyon din ang gagawin niyang gabay sa pagpapalaki at pagtataguyod sa pag-aaral ng kanyang mga anak.

Para naman kay Princess, hindi rin naiiba ang kanyang damdamin. Matayog at matiim ang pagtingin niya sa mga taong nagsakripisyo para makamit ang pangarap niya sa buhay. Ngayon isa na siyang *project leader* sa gagawing *mall* sa Biñan, Laguna at masasabing malayo na ang narating simula nang siya ay makapagtapos.

At silang lahat, ang pamilya Dumale, ay hindi naglilikat ang pagmamalasakit sa kanilang mga gatasang kalabaw dahil na rin sa labis na kapakinabangang naging dulot nito sa kanilang buhay.



## Sa Iloilo

# PAMILYANG PINAGBUKLOD DAHIL SA PAG-AALAGA NG GATASANG KALABAW

NI CHRISSALYN MARCELO

**Tunay ngang malaki ang ganansiya sa pag-aalaga ng gatasang kalabaw para sa mga magsasaka dahil unang-una na ay napaaangat nito ang estado ng kanilang kita mula sa araw-araw na aning gatas.**

Pinatunayan ito ni Henry Orbino, 55, ng Calinog, Iloilo.

Dagdag pa rito, may ibayo pang nagagawa ang pag-aalaga ng gatasang kalabaw, ayon sa kanya. Ganap, aniya, na napagbuklod nito ang kanyang pamilya at naging dahilan ng unti-unting pagtamo ng mga pangarap ng kanyang mga anak.

Si Henry ay isa sa mga magsasakang-maggagatas na ginagabayan ng PCC sa West Visayas State University (PCC-WVSU).

**Pamilya Orbino**

Silang dalawa ng asawang si Chita, 50, ay biniyayaan ng apat na mga anak. Sila'y sina Karen, 22; Kristina, 20; Benito, 18; at Brian, 16.

Tubong Sultan Kudarat si Henry nguni't ipinasyang sa Iloilo manirahan upang sakahin ang isang ektaryang lupa ng kanyang kapatid na si Rodilyn na pinili namang sa Maynila na mamalagi at maghanap-buhay. Kaya't sa halip na hayaang matiwangwang ang lupa ay ipinasya niyang siya ang magsaka nito.

Nang isagawa ni Henry ang paglipat sa Iloilo ay nagkahiwa-hiwalay silang mag-anak. Ito'y nangyari sa loob ng walong taon.

"Taong 1991, noong bagu-bago pa kaming mag-asawa sa pagbuo ng pamilya, ay nagtrabaho ako bilang panadero sa isang *bakeshop* sa Isulan, Sultan Kudarat. *Bookkeeper* naman si Chita ko sa National Irrigation and Administration (NIA) sa nasabi ring lugar," ani Henry.

Dahil sa pagpapaaral sa kanilang mga anak, unti-unti nang lumaki ang kanilang gastusin hanggang sa hindi na nila ito halos kayang pasanin. Noong 2007, ipinasya ni Chita na iwan ang kanyang trabaho sa Pilipinas at mamasukan sa ibang bansa bilang *domestic helper.*

"Ako naman noon ay paraket-raket lamang para magkaroon ng kita sa araw-araw na siya kong ipinandagdag sa panggastos ng aking pamilya," sabi pa ni Henry.

Kabilang sa kanyang "paraket-raket" na gawain ay bilang *artificial insemination (AI) technician* sa baboy, manggagawa sa isang pabrika, at *driver* ng sasakyan.

Noon niya ipinasyang kusang ipadpad ang sarili sa Calinog, Iloilo. Iniwan niya ang mga anak sa kanilang bahay sa Isulan, Sultan Kudarat at naging isa siyang magsasaka sa Iloilo.

**Tulong ng kalabaw**

Nagsimulang pumalaot si Henry sa pag-aalaga ng gatasang kalabaw noong 2014.

Sa pamamatnubay ng PCC sa WVSU, tatlo ang kanyang naging gatasang kalabaw na nag-aakyat sa kanya ng halagang naglalaro sa Php1,000 isang araw.

"Kumpara noon na kumikita lang ako ng Php100 hanggang Php200 mula sa aking mga raket, talagang napakalaking halaga nito," ani Henry. "Noon ko napatunayan na talagang totoo pala ang sinasabi ng PCC na 'sa *dairy,* ang kita ay *daily*'," masayang dagdag niyang sabi.

Dahilan sa lumaking kita, ganap niyang natustusan partikular ang pangailangang pinansiyal ng kanyang mga anak sa mga gastusin sa eskwelahan.

Bilang patotoo rito, sinabi ng anak niyang si Karen:

"Buti na lang mayroong gatasang-kalabaw dahil kung wala ang mga iyon bitin na bitin talaga 'yong pambayad ko sa matrikula at iba pang karagdagang gastusin sa aking pag-aaral."

Si Karen ay nakatapos sa kanyang kursong *Bachelor of*

SUNDAN SA SUSUNOD NA PAHINA



**"Kumpara noon na kumikita lang ako ng Php100 hanggang Php200 mula sa aking mga raket, talagang napakalaking halaga nito. Noon ko napatunayan na talagang totoo pala ang sinasabi ng PCC na 'sa dairy, ang kita ay daily."**
- HENRY ORBINO

MULA SA PAHINA 27

*Science in Entrepreneurship* sa WVSU noong 2015.

Si Kristina naman na nakatapos ng may karangalang *cum laude* sa kursong *Bachelor of Science in Elementary Education* sa WVSU ngayong taong ito ay nagpahayag ng ganito:

"Malaking tulong talaga ang gatasang kalabaw sa mga magsasaka. Dahil sa kanila, nagawa kong makapagbayad ng obligasyon sa pamantasan ng *on-time*. Naging mas madali rin ang pang-araw-araw na buhay ng aming pamilya dahil ganap ding natugunan ang mga kailangang mga gastos."

"Nakapag-iimbak pa kami ng kailangan naming pagkain sa isang linggo," dagdag pa niya.

Dalawa pa sa mga anak ni Henry, sina Benito, na kasalukuyang nasa unang taon sa kursong *Bachelor of Science in Information Technology* sa WVSU, at Brian, kasalukuyang *Grade* 11.

Anim na ngayon ang kalabaw ni Henry. Tatlo sa mga ito ay kasalukuyan niyang ginagatasan, ang dalawa ay bulo at isa naman ay isang *junior bull*. Labinlimang litro ang inaani niya sa mga ginagatasang alaga na ibinebenta niya sa PCC sa WVSU sa halagang Php70 kada litro.

Kung tutuusin, Php1,050 kada araw ang kanyang naibubulsa.

**Pagkakabuklod ng pamilya**

Ang mahalaga pa, ani Henry, sama-sama na silang mag-anak ngayon.

"Dahil nga malaki-laki na ang kita ko, pinauwi ko na ang misis ko mula sa pagtatrabaho sa *abroad*," ani Henry.


Walong taon ding namalagi sa ibang bansa ang kanyang misis sa pagtatrabaho.

Sina Karen at Kristina, di nga kasi, ay lubha ring nasiyahan sa naging takbo ng kanilang buhay mula nang sumuong sa pag-aalaga ng mga gatasang kalabaw ang kanilang ama.

"Bukod sa kami'y maluwalhating nakatapos ng pag-aaral sa pamantasan, ang pangarap naming magkasama-sama bilang isang pamilya ay natupad na rin."

"Salamat … maraming salamat sa mga gatasang kalabaw. Nangyari na ang mga pangarap namin sa buhay," halos sabayang sabi nina Karen at Kristina.

Hindi man sabihin, mababasa naman sa lumulutang niyang damdamin ang mga salitang "abut-abot sa langit ang aking pasasalamat".




**"Bukod sa kami'y maluwalhating nakatapos ng pag-aaral sa pamantasan, ang pangarap naming magkasama-sama bilang isang pamilya ay natupad na rin."**

**"Salamat … maraming salamat sa mga gatasang kalabaw. Nangyari na ang mga pangarap namin sa buhay."**

- KAREN AT KRISTINA ORBINO



### Isang 'dakilang pagtutustos'

# ITINATAGUYOD NG ISANG KOOP SA PULONG BULI

NI PAUL JOHN VILLAMOR
KUHA NI ROWENA BUMANLAG



**Kirot sa damdamin ang nadarama noon ni Primo Natividad, kasalakuyang tagapangulo ng Pulong Buli Multi-Purpose Cooperative (PBMPC) sa Sto. Domingo, Nueva Ecija, kapag nakakikita siya ng mga batang hindi nakapapasok sa paaralan dahil sa matinding kahirapan sa buhay ng kani-kanilang magulang.**

Nang magsimula niyang pamunuan ang kanilang kooperatiba, ang solusyong naisip niya na sasagot sa problema ay isang programang pang-edukasyon na tutulong sa mga kasapi para matustusan ang kani-kanilang mga anak sa pag-aaral.

"Hindi ko nga maiwasang malungkot noon. Naisip ko, bakit kailangang sapitin 'yon ng kanilang mga anak?," anang 65-taong gulang na pinuno ng PBMPC. "Noon ko ipinanukala sa aking mga kapwa opisyales na ilunsad ang *educational loan program* sa aming koop,"dagdag niya.

Naging epektibo naman ang naging hakbang nilang ito sa kanilang kooperatiba, aniya. Batay sa datos ng PBMPC, hindi bumababa ng 15 mag-aaral kada taon ang natutulungan sa ilalim ng nasabing programa. Pinakamababang halaga ng matrikulang binabayaran ng kooperatiba ay nasa Php5,000 at pinakamalaki ang Php30,000, at nakakukuha pa ang bawat benepisyaryo ng Php700 bilang lingguhang panggastos sa eskwelahan.

"Sa puso ng isang magsasaka na kagaya ko, gusto rin niya na makapagpaaral ng anak," sabi ni Ka Primo. Sa kasalukuyan, nasa 10 kalabaw ang inaalagaan ni Ka Primo, na siyang kilalang tawag sa kanya sa kanilang lugar.

"Ito ang matibay naming dahilan kung bakit hindi namin pababayaang mamatay ang programa naming ito,"dagdag niya.

**Sistema**

Kaiba sa karamihan ng *educational loan program*, ang sa PBMPC ay walang palugit sa takdang panahon para mabayaran ang utang.

"Sabi ko sa mga kapwa ko may-katungkulan sa koop, huwag nating p'wersahin na magbayad ang mga nakapangutang sa ilalim ng programa,"ani Ka Primo. "Malaki naman kasi ang tiwala ko na marunong silang magbalik ng napakinabangan nila."

Ang itinakda nilang interes sa utang ay isang porsiyento (1%) kada buwan.

"Kahit hindi makabayad sa pagkakautang ang kasapi, tuloy pa rin ang pagsuporta ng koop sa pag-aaral ng anak niya," paliwanag ni Ka Primo. "Ayaw namin silang mahinto sa pag-aaral," pagpapatuloy niya.

Nahihinto lamang ang

SUNDAN SA SUSUNOD NA PAHINA

MULA SA PAHINA 29

pagkakaloob ng pautang sa kasapi ng kooperatiba sa ilalim ng programang ito kapag hindi na ito aktibong miyembro.

May 70 aktibong miyembro sa ngayon ang PBMPC. Ang lahat ng may anak na pinag-aaral o mag-aaral pa lamang ay kuwalipikadong lumahok o makapasok sa pang-edukasyong programang ito ng samahan.

Ang pondo para sa *educational loan* ay kinukuha sa naipapasok sa kooperatiba na kita ng bawa't miyembro sa kani-kanilang naipagbibiling gatas. Nagiging sapat naman ang pondo para sa nasabing programa dahil sa *share capital contribution* at *capital build-up* na binabayaran ng mga miyembro kada anihan naman ng palay.

"Sa *share capital* at *capital build-up*, ang kontribusyon ng mga kasapi ay Php3,400 kada ektarya sa isang taon,"paliwanag ni Ka Primo.

Inihayag ng tagapangulo na binabalak ng PBMPC ang pagbuo ng pinakaunang listahan ng mga iskolar, na kung saan ay sasagutin nang buo ang lahat ng gastusin sa pag-aaral ng mga mapipili.

Bagama't hindi pa buo ang kuwalipikasyon, sinabi ni Ka Primo na pangunahin nilang susuriin ang pagkakaroon ng mataas na marka. Papangalanan ng kooperatiba ang mga mapapalad na iskolar sa 2017.

"Daragdagan pa namin ang aming pondo para sa programang ito ng aming koop ukol sa edukasyon. Halimbawa, 'yong talagang mahihirap na pamilya bagama't matatalino ang anak nila ay gagawin naming iskolar ng kooperatiba," pahayag ni Ka Primo.

Aniya, nag-iisip pa sila ng mga hanapbuhay na maaaring pasukin ng kanilang kooperatiba para madagdagan pa ang kanilang pondo at higit na marami ang matulungan.

**Biyaya**

Wala nang ibang mahihiling pa si Ka Primo sa ginhawang naramdaman ng kanyang pamilya sa pagsali niya at pamumuno sa PBMPC.

"Ang mga anak ko ay natulungan ng aming *educational loan program*," pagbabalita ni Ka Primo. "Nakatapos ng kursong BS Medical Technology ang panganay ko samantalang ang bunso ko naman ay nakatapos ng kursong edukasyon at ngayo'y isa nang guro," sabi niya.

Dahil sa nakapagpatapos na ng mga anak, gawain na lamang ng mag-asawang Ka Primo ang pagtatrabaho sa bukid, pag-aalaga ng kalabaw, at pag-aasikaso ng mga dumudulog na miyembro sa opisina ng kooperatiba.

"Tapat lamang ng bahay namin ang koop, kaya madali nila akong mapuntahan at kausapin kung wala ako sa tanggapan ng koop," ani Ka Primo.

Bukod sa inaalagaan nilang kalabaw, karagdagang kanilang inaalagaan at pinakikinabangan ang nabiling mga kambing na purebred at native, bibe at manok.

Nakatulong sa kanila, nang tumuntong sa kolehiyo ang kanilang mga anak, ang Landbank of the Philippines sa pagkakaroon ng dagdag na puhunan sa ilalim ng *livelihood project grant*. Ang kanila namang mga kalabaw ay mula sa isa na naipagkaloob ng PCC sa ilalim ng programa nito.

Ipinaliwanag ni Ka Primo na nakuha niya ang pamamaraan sa programa sa edukasyon ng kanilang kooperatiba sa Landbank *educational loan system.*

"Mas pinagaan ko nga lamang. Wala nang kung anu-ano pang mga dokumento na hinihingi. Basta't miyembro ng PBMPC, makakukuha siya ng tulong sa ilalim ng programa," sabi ni Ka Primo.

Bukod sa nasabing programa, ang ibang mga miyembro naman ay naaasistehan din sa iba't ibang klase ng loan: *crop production loan, provident fund loan*, at *emergency loan.*

**Sukli sa tulong**

Para kay Ka Primo, sapat nang sukli sa nailunsad nilang programa na makitang may natapos na mataas na pinag-aralan ang kanilang natulungan at umasenso na sa buhay.

"Kasi, kapag nakatapos ng mataas na pag-aaral ang isang tao at nagkatrabaho na , may pagkakataong umasenso siya sa buhay," ani Ka Primo.

Sa kanyang pamumuno, sinabi ni Ka Primo na matiyaga niyang pinakikinggan at nililimi ang mga problema ng mga kapwa niya miyembro.

"Lagi kong ipinakikita ang katapatan sa pamumuno para tularan nila ako. Magsabi lang sila ng totoo at tutulungan ko sila," pahayag niya.

Iyon lang naman daw ang pinakananais ni Ka Primo bilang pinuno ng koop, ang maging matapat ang kaniyang mga miyembro sa kanilang mga kani-kaniyang saloobin. Ayaw na ayaw niya, aniya, ang mga taong sinungaling.

Bilang isang lider, na talastas ang kahalagahan ng edukasyon sa buhay ng isang tao, hindi siya manghihinawa na isulong pa sa lalong mataas na antas ang nailunsad nilang programang ito.

"Ang paniniwala ko, nasa pagkuha ng mataas na edukasyon ang susi para makaahon sa kahirapan," pagdidiin ni Ka Primo.



# #NATIONAL CARABAO CONFERENCE 2016 nagsipag. nagnegosyo. nagtagumpay!

Layunin ng taunang komperensya na pagsama-samahin ang mga kalahok, katiwala, at lahat ng may pakinabang sa industriyang salig sa kalabaw.

Gagawin din itong daluyan ng mga mahahalagang impormasyon upang maibahagi at maipalaganap ang mga teknolohiya, kasanayan, mga ideya patungkol sa industriya at mga wastong pamamaraan na naisagawa na ng mga magsasakang nagtagumpay sa kani-kanilang mga pinagkakakitaang negosyong salig sa kalabaw at nang sa gayon ay mapakinabangang maigi ng mas nakararaming magsasaka.

Dadalo sa nasabing malakihang pagtitipon ang mga magsasakang-maggagatas na inaasistehan ng PCC, mga kabalikat, mga negosyante, mga opisyales ng lokal na pamahalaan, mga representante mula sa iba't-ibang ahensiya ng gobyerno at pribadong mga organisasyon na katuwang ng PCC sa Carabao Development Program (CDP).

Sa temang "nagsipag", ang mga magbabahagi ng kanilang kwento ay mga magsasakang nagsumikap na paunlarin ang antas ng kanilang pamumuhay sa pamamagitan ng mga gatasang kalabaw. Kanila ring isasalaysay ang mga pamamaraang isinagawa sa ilalim ng value chain at paggamit ng mga karampatang teknolohiya sa kani-kanilang gawain.

Sa tema namang "nagnegosyo", itatampok ng mga negosyante ang mga negosyong salig sa kalabaw na kanilang itinaguyod at ang mga nalikhang mga produkto na galing sa gatas, karne, at balat ng kalabaw. Kanilang ibabahagi ang matagumpay na karanasan sa paggawa ng ice cream, pastillas, tapa, chicharong kalabaw at iba pa.

Sa "nagtagumpay", ito'y kapapalooban ng mga testimonya ng mga maggagatas ukol sa mga kabutihang naidulot ng programang gatasang kalabaw sa pamilya at sa pagtatagumpay ng bawa't miyembro ng pamilya. Isasalaysay ng mga magsasakang ito sa tulong ng video presentation ang mga istorya kung paanong sa tulong ng gatasang kalabaw ay nakatapos ng pag-aaral sa kolehiyo ang kanilang mga anak.

Lumilitaw na sa ngayon ay marami nang mga anak ng mga magsasaka na dati'y walang pag-asang makatungtong ng kolehiyo ang nakatapos ng kani-kanilang kurso sa tulong ng kita ng mga magulang mula sa gatasang kalabaw. Sila ngayon ay nagsisipagtrabaho na at nakintal na sa puso nila ang matayog na pagtingin sa gatasang kalabaw bilang maaasahang kaagapay na tunay sa pamumuhay.

